

# PROLOGUE

Allistair just finished his third glass of ice cold water. Mamaya siguro kapag hindi pa natapos ang usapang ito ay magpapabili na siya ng isang bag ng yelo sa *7-Eleven* at hihingi ng isang timba ng tubig, pagkatapos ay ibubuhos iyon sa sarili. Yes, he would definitely f\*cking do that in front of the barangay officials, a couple of *MMDA* dudes and even a police officer, whom he felt sorry for being dragged into this hassle in the first place.

At lalo na sa harap ng babaeng kanina pa niya gustong sakalin o ihagis sa bintana. God, he had never met someone so infuriating! And loud, and just completely obnoxious. Saang planeta kaya ito galing? May magulang pa kaya ito? He suddenly felt sorry for this woman's parents.

*I wonder if her parents are still alive. If they're dead, I know exactly what killed them.*

“Okay, salamat at narito pa rin kayong lahat. Nakakain ba kayo nang maayos?” tanong ng medyo effeminate na sixty-five-year-old barangay chairman. Lahat ay tumango o sumagot ng oo. Nandito na sila kanina pang alas dos y media ng hapon, at ngayon ay

malapit nang mag-alas siete ng gabi. Napabuntung-hininga si Allistair.

Napatingin sa kanya ang matanda. “May desisyon na tayo, hijo. Pasensya na at natagalan. Kailangan din natin kasing hintayin sila para makatulong sa pagde-deliberate ng kaso n’yo.” Sumulyap ito sa pulis at dalawang *MMDA* traffic enforcers na kaninang alas seis lang nakabalik dahil tinapos pa ng mga ito ang shift.

“Tito Fel, bakit ka humihingi ng pasensya? Kanina pa nagmamaldito ’yang buwiset na iyan. Kahit umagahin tayo dito, pagtiisan niya dahil iyon ang proseso,” maktol ng babaeng kaharap niya, na kahit ang tiyuhin nito ang kausap ay nakatingin naman sa kanya. Yep, this kind old dude was her uncle. He wondered how.

Allistair just gave another long-suffering sigh, at sa babae rin ipinako ang tingin kahit ang barangay chairman ang kausap. “Okay lang po, naiintindihan ko ang proseso. Pasensya na po na parang bored ako at naiinis. First time ko po kasing masabit sa ganito. Masunurin po kasi ako sa batas at ordinansa.”

Narinig niya ang mahinang tawanan ng ibang naroon, at ang panlalaki ng mga mata ng babaeng kaharap niya na parang gusto rin siyang bugbugin.

Her name was Serenity Calma, by the way. But there was nothing serene nor calm about her. Even at two in the afternoon earlier, she was a raging supertyphoon. At gaya ng lahat ng bagyo, hindi ito welcome dahil perwisyo at pahirap lang ang dala.

The chairman called the room into order, and began presenting the decision. He was happy so far, and didn't mind the "What?" and "Paano nangyari iyon?" and "Hindi puwede iyan!" being said by Serenity. He listened with rapt attention. He knew he was going to win this, a traffic altercation that was blown out of proportion by someone, namely Serenity, and her stupid decision.

Na-hassle na nga siya at hindi nakarating sa importanteng event na pupuntahan niya, nagasgas at nayupi pa ang isang pinto ng 4X4 SUV niya. Ang nakakainis pa, pinawalan ng nakatokang volunteer traffic aide ng baranggay, namely Serenity again, ang motor na nakabunggo sa kanya dahil lang sinabi nito nang komprontahin na hindi siya nag-signal.

Nang hintuan at sitahin niya ang babae ay doon na nagkagulo. He was pissed because of what she did. She was pissed because his 'useless complaints', according to her, were causing a massive traffic in the usually hassle-free area near *Ackerton University*.

Ang ending, hinila sila ng ilang baranggay tanod at ng isang pulis na nakaistasyon sa malapit at dinala sa barangay hall para roon mag-usap.

Matapos ang halos limang oras, tig-isang bilao ng puto at pancit guisado at tatlong litro ng soft drinks ay makakaalis na rin sila rito sa wakas.

“So, pabor ang desisyon sa kanya at kasalanan ko ang lahat?” di-makapaniwalang tanong ni Serenity.

“Thank God, the witnesses didn’t lie.” Pinagdaop ni Allistair ang mga palad at tumingin sa kisame.

“And you’re implying I’m a liar now?” sita pa nito.

“Nope.” Umiling siya. “Just delusional. Or probably just pre-menstrual,” he smirked. “I understand, really.”

“That’s most likely the case, Ren. Kung hindi mo pinawalan ang taong nakasagi sa kanya at dinala mo na lang dito, eh, di sana kanina pa ito naayos at hindi ka pa na-involve,” napapabuntung-hiningang sabi ni Tito Fel.

“Tito, kung hindi sana siya basta nagpalit ng lane at nag-signal muna—”

“Are you f\*cking kidding me? After the car behind me testified na nag-signal ako at sumingit lang iyong

motor na nakabangga sa auto ko, na pinawalan mo, by the way. At hindi pa pinlakahan?” Mahinahon ang kanyang boses, pero pakiramdam niya ay may malalagot na ugat sa leeg niya.

Serenity, meanwhile, stared at him, blinked twice, then swallowed.

*You afraid now? Good.*

“Pasensya na dito kay Ren, Allistair. Hirap talaga itong tumanggap na mali siya kung minsan,” nakakaunawang sabi ng barangay chairman.

“Tito!” angal ng tinutukoy nito. “Para namang siyang lang ang naperwisyo. May negosyo din kaya ako pagkatapos ng shift ko,” maktol nito.

The older man simply glared at his niece before he turned to him again. “And with that, I am letting you decide what to do. Kung paano niya mababayaran ang damages sa sasakyan mo. Kung papaano siyang makakabawi sa perwisyong dulot niya sa schedule mo. Within reason, of course.”

*Hell, yes!* “I am going to have the damage assessed first, Sir. Then, makikipag-usap ako sa insurance company at pagkatapos ay babalikan ko kayo at...” Tumingin siya kay Serenity. “Ikaw, para mapag-usapan natin kung ano ang puwede mong

gawin.”

Serenity’s sexy full lips pursed. “Ang dami ko pang gastusin ngayon.”

*Wait, did I just notice that?* aniya sa isip na lihim na napalunok. “Don’t worry, I will make sure that I will take into consideration your capacity to pay,” his voice softened. He’s done being mad for today. Nahassle na siya nang husto. Ayaw na niyang i-stress pa ang sarili. Tumayo na siya, nakipagkamay sa barangay chairman at sa ibang naroon, at nagpasalamat. Nakamasid lang si Serenity na masama pa rin ang loob. Hindi na niya ito pinansin, pero bago lumabas ng barangay hall ay tinabihan niya ito at binulungan.

“Hindi pa tayo tapos, Miss Calma. You should know you completely f\*cked up my plans. I will make sure you know how that feels, exactly.”

# 1

“Glad you could grace us with your presence, Miss Calma.”

Muntik nang mabitawan ni Serenity ang mga dalang magkapatong na plastic container at cooler. She was hoping to quietly make her way inside the abandoned warehouse in Dapitan where Allistair said they'd meet that Saturday morning.

“Well, I am sorry, Boss. Dahil ako po mismo ang personal na naghanda nitong mga makakain at mainom,” sarcastic na sagot niya habang inaayos sa mesa ang mga dala. “At nahilo din kami sa kakahanap dito.”

“Quintos corner San Diego. Hindi mo na maalala ang *Noli* mo noong high school?” he smirked as he walked toward her. Iniwan nito ang isang dosenang batang kasalukuyang tinutugtog ang *Ode To Joy* ni Beethoven.

Napahinto siya sa ginagawa, at wala nang pakialam kung nakanganga siya sa mga batang tutok sa mga violin, keyboards at harp ng mga ito. Eight were playing, while four were humming softly in an

ethereal blend of voices she never thought she'd hear in a place like this.

Isang buwan na ang nagdaan simula nang unang engkuwentro nila ni Allistair, at two weeks ago ay kinausap nito si Tito Fel na ipinatawag siya para pag-usapan kung paano niya magagawang bayaran ang damage ng sasakyan nito. He showed her the receipts. Hindi naman iyon umabot ng six figures, pero para sa isang gaya niyang kahit may food cart business at ilang raket na online jobs ay alam niyang mahihirapan siyang isingit iyon sa gastusin.

Thankfully, Allistair had no plans of making her pay in cash.

*“Don’t worry, may ibang paraan pa para makabayad ka,” he said, then his eyes roamed from her face to her body. Skinny jeans at tank top ang suot niya nang araw na iyon. Mainit ang panahon pero para siyang nilamig pagkatapos ay nag-init dahil sa tingin nito.*

*Kasabay niyon ang isang realisasyon. “Katawan ko ang ibabayad ko?”*

*Allistair blinked as if confused, while her uncle and his flaming gay secretary laughed out loud.*

*“Ambisyosa kang masyado, Serenity Calma!*



*Aanhin ni Papa Allistair 'yang katawan mong wala ni katiting na curves?' humahalakhak na sabi ni Cheska the secretary na kahit tingnan nang masama ay natawa lang lalo.*

*“Umayos ka nga, Ren. Ano ba 'yang pinagsasabi mo?” Napailing si Tito Fel. Bading din ang barangay chairman, mas discreet nga lang.*

*“Bakit mo kasi ako tinitingnan nang ganyan?” asar na sita niya kay Allistair na napangisi lang.*

*“I was checking if you look healthy enough and if your body would be up for the challenge,” sagot nito.*

*Pinamaywangan niya ang tiyuhin at ang sekretarya nito. “See? Katawan ko nga ang hihingin niyang bayad!” aniya bago bumaling sa lalaking kaharap. “Allistair, pasensya na pero kahit negosyante ako, hindi kasama sa ibinebenta ang katawan ko.”*

*He snorted. “What are you talking about? I am not interested in your...” saad nito na muling hinagod ng tingin ang kabuuan niya, parang nananadya pa. “...body. Not that way, no,” he smirked.*

*“Ouch, ang sakit naman n'un, Serenity!” pang-aasar pa ni Cheska.*

*Nag-init ang mga pisngi ng dalaga, pero taas-*

noong sinalubong pa rin niya ang tingin ni Allistair. “Ano pala ang gagawin ko?”

*He smiled. Hindi niya alam kung bakit gusto niyang mangapa ng makakapitan dahil sa ngiting iyon. Allistair’s deep, throaty baritone and piercing green eyes may scream one hundred percent male but he was also a very beautiful man. Hindi iyong guwapong nakakaumay kundi iyong medyo intimidating pero gugustuhin pa ring pagmasdan.*

*“You will be working for me,” he grinned, then he raised a hand when she opened her mouth to protest. “Tito Fel told me about your business and your online jobs so I won’t really bother you during weekdays unless absolutely necessary. Mag-uumpisa uli kasi ang weekly music and mentoring lessons ko sa mga batang riles from Dapitan.*

*“They are music prodigies na inilalapit ko ng scholarship para masigurong makakapagtapos sila ng pag-aaral. Inilalapit ko rin sila sa mga theatre companies at kung sino pang nangangailangan ng instrumentalists at vocalists para kumita rin sila at magkaroon ng exposure. We practice for six hours every Saturday and Sunday. And you will be tasked to assist me.” Ibinigay nito sa kanya ang isang folder.*

*“My former assistant just graduated from college*

*and now busy with work. Maghahanap sana ako ng ibang kapalit but then, nagastos ko na sa pagpapaayos ng sasakyan ko 'yung ibang pang-suweldo ko sana." He raised a brow at her. "Kaya ikaw na lang."*

*Hindi siya makapaniwala sa narinig. "Magtatrabaho ako sa iyo nang walang bayad?"*

*"I will pay half of the usual rate, actually. Sa mga negosyo mo din manggagaling ang makakain every session at practice. Pero sagot ko iyon. This is until December, Serenity."*

*Napakurap ang dalaga. Kasisimula pa lang ng September. "Four months? Grabe naman!"*

*"Damage sa kotse at kasama na iyong perwisyong dala mo dahil sinira mo ang schedule ko nang araw na iyon at isang mahalagang opportunity ang napakawalan ko."*

*Napalunok siya. Bakit ba madalas niyang pairalin ang init at katigasan ng ulo? "What if I say no?"*

*"Well, hindi mo naman siguro gugustuhing makasuhan, di ba? I can sue you for damages, you know. I have witnesses."*

*Shit! Itinaas niya ang dalawang kamay. "Fine! Sige na, grabe naman. Kaso agad."*

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

*Natawa ang lalaki. "Read that." Itinuro nito ang folder. "I will text you in a few days to let you know about certain details."*

---

Kaya heto siya ngayon at parang bilasa na ang pakiramdam kahit malakas ang air-con sa sinakyang taxi. First day niya bilang *julalay* ni Allistair at na-stress agad siya sa paghahanap sa warehouse na ito, na mukhang sunog pa ang isang bahagi.

May mga butas ang mataas na yerong bubong nito, at kung hindi siguro tag-ulan at may kalamigan ang panahon ay baka natusta na sila sa loob dahil panay semento ang dingding at matataas pa ang maliliit na bintana. Isang malaking industrial fan lang ang naroon, at nakabukas ang dalawang pinto, na thankfully ay kaya namang gawing presko kahit papaano ang buong lugar.

"So, what's in the box?" Inalis ni Allistair ang latch ng malaking plastic container na naglalaman ng labinlimang styro boxes. Each had a footlong hotdog sandwich cut into three, a side of cheese fries and butter caramel cupcake. Honey lemon juice at bottled water ang mga nasa cooler. "Nice. These look good, Serenity."

“Masarap din ’yan,” proud na sabi niya.

“Really?” Kukuha sana ito ng isang piraso ng cheese fries pero tinampal niya ang kamay nito.

“Oras na ba ng pagkain, ha?” Kinuha niya ang styro box at ibinalik iyon sa lalagyan.

“Past ten na. Taho at puto ang huling ipinakain ko sa mga iyan.” He nodded toward the direction of the kids.

“Ang galing nila, Allistair. Gaano katagal mo na silang tinuturuan?”

He smiled. “Just since January this year, when I got back from my teaching post in Seoul. Nine to fourteen years ang edad nila, at nakakatuwa dahil lahat ay sabik matuto.” Tumingin ito sa kanya. “At dahil magaling sila, puwede na silang kumain, right?”

Natawa siya. “Ikaw yata ang gutom, eh.”

“Halata ba?” he sheepishly replied.

*Hmm... okay naman pala ang isang ito kapag nasa mood. Lalo pang nagiging yummy.* “Medyo. Hindi ka na umalis d’yan sa tabi ng container, eh,” nakangiting puna niya pagkatapos ay hinintay na matapos ang mga bata sa tinutugtog ng mga ito. Halos mamanhid ang mga kamay niya sa pagpalakpak, may kasama

pang pito. Takang napatingin sa kanya ang mga bata pero napangiti ang mga ito.

Ipinakilala siya ni Allistair sa mga tinuturuan nito nang magsilapit.

“Girlfriend mo, Kuya?” tanong ng isa sa tatlong marahil ay pinakamatanda sa grupo, isang dalagita na cello ang hawak.

“No, Mandy,” sagot ng katabi niya habang inilalabas nito ang mga styro containers at iniaabot sa mga bata. “Bagong assistant. May ibang trabaho na kasi si Justin.”

The girl looked disappointed. “Nge! Bagay kayo, eh.”

Umiling si Allistair. “Nope.” Sinulyapan siya nito. “I don’t think so.”

“Yabang mo, Kuya. Eh, sino ’yung gusto mo? ’Yung lagi mong tinatawagan na dinededma ka naman yata?” nanlalaki ang mga matang sabi ng isa pang dalagita na ikinatawa ng iba.

Allistair promptly blushed.

*Whoa, akalain mo iyon?* Kinagat ni Serenity ang dila para hindi matawa o mapangiti man lang. She would never in a million years expect someone like

him to look so embarrassed and blush like that. The color in his neck and cheeks looked amazing on his olive skin. It somehow made him less imposing.

“Kayo talaga,” napapailing na sabi nito, na tinawanan lang ng mga bata bago nagkani-kanyang puwesto na ang mga ito para kumain.

Dalawang styro containers ang ibinigay niya kay Allistair, na takang tinanggap nito.

“Well, you’re what, at least six feet tall and probably a hundred and seventy pounds? Kailangan mo ’yan.” Naglabas din siya ng dalawang litro ng bottled water at ibinigay rito ang isa. “Kung di mo maubos, share tayo.”

He smiled, lifted himself up and sat on the sturdy wooden table. Ganoon din ang ginawa niya. Nasa pagitan nila ang plastic container na ginawa nilang patungan ng pagkain at inumin.

They ate in silence, while the kids chatted animatedly a few meters away. Pasulyap-sulyap siya kay Allistair na maganang kumakain at tila sarap na sarap sa sandwich na gawa niya. Naubos nito ang isang footlong at cheese fries in ten minutes, at kasalukuyan nang nilalantakan ang isa pang batch ng cheese fries nang tumunog ang cellphone nito.

Uminom muna ito ng tubig at humila ng wet tissue sa pouch na dala niya bago kinuha ang cellphone sa bulsa nito. It was apparently a text or email message na tila excited itong buksan nang makita marahil kung kanino iyon galing.

*Hmm... is it from Miss Dedma?*

She watched him furtively as she bit on her cupcake, and saw how the smile on that beautiful face slowly disappeared.

Yes, however weird it sounded, Allistair did look like a sad puppy as his eyes blinked twice and his lower lip jutted out a bit before he placed the cellphone back in his pocket.

Muli itong uminom bago kinuha ang cupcake at itinulak ang ikalawang styro sa kanya. “Sa iyo na ’yan,” mahinang sabi nito.

Umangat ang isang kilay ni Serenity. “Okay ka lang? Sino ba ’yung nag-text?” hindi mapigilang tanong niya dahil natural siyang curious at medyo chismosa.

His eyes narrowed as his jaw clenched.

*OMG, why does that look so hot, though?*

Then he fixed his gaze on her. “None of your



business.” He stood up and wordlessly left the table. Naglakad ito palabas, na susundan sana niya pero naisip na baka gusto nitong mapag-isa.

Inubos na lang ni Serenity ang kinakain bago iniligpit at inayos ang mga dalang lalagyan. Kinuha niya ang dalang black trash bag at sinabi sa mga batang doon ilagay ang pinagkainan ng mga ito.

Five more minutes passed and it was almost eleven. Hindi pa rin bumabalik si Allistair. Lumabas na ang dalaga para hanapin ito, pero napahinto nang makita ang binata na nakatayo ilang metro ang layo sa kanya.

He had a faraway look in his eyes and a cigarette on one hand as his smart mouth blew smoke up to the late morning sky.

She wondered what just happened, and what else would be in store in the next four months she would be stuck working for this seemingly complicated man.

## 2

Nagsalubong ang mga kilay ni Allistair nang sa pagpasok pa lang sa side entrance ng *The Lounge* ay nakita na niya si Serenity na nasa bar at nilalaro ng straw ang isang pink shake in a tall glass sa harap nito habang ang isang kamay ay may hawak na piraso ng crispy squidlet. Katabi nito ang isang babaeng maputi at reddish brown ang buhok, at kausap ang bartender nila na si Armi. Nagkakasayahan ang tatlo kasama ang kaibigan niyang si Bentley.

He didn't even know she was a patron of this café and restaurant bar he co-owned with Bentley and two other friends. But he knew now why this woman was unable to answer his calls and texts that started two hours ago.

Pumunta lang naman siya rito para mag-unwind sandali dahil bukod sa inis sa hindi pagsagot ni Serenity sa tawag ay kanina pa niya iniisip ang dahilan kung bakit kailangan niyang makausap ang babae in the first place.

Another opportunity. Another chance he prayed would never go to waste again, and especially not because of the loud, obnoxious woman in the bar.

Tahimik na naglakad siya palapit sa mga ito.

“Oy, Bentley babe. Where are you going?” Hindi niya alam kung paanong nagawang malambing ni Serenity ang boses kahit malakas ang pagkakasabi nito niyon.

“Rest room lang. Will you miss me, babe?” ganting landi naman ng kaibigan niya.

“Sama ako!” She shifted to get off the bar stool.

Takang tiningnan ito ni Bentley. “Wha...?”

“Tagababa ng zipper!” she said with a grin. Natawa ang mga kaibigan nito. Para naman siyang masasamid kahit walang kinakain o iniinom.

*Is she drunk? High?* hindi niya naiwasang isipin.

But then he also had this image of Serenity standing so close and holding his pants zipper, while slowly pulling it down as her hooded eyes were on his and she bit her lower lip. Lihim siyang napamura at napabuga ng hangin.

“Ikaw talaga, Serenity Calma. Kapag hindi mo iyan nagawa sakaling pinayagan kitang sumama next time...” Natatawang naililing si Bentley.

“Promise?” She batted her lashes.

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

Dumukwang lang ang lalaki at pabirong pinitik ito sa ilong bago nagpaalam na. Noon nagdesisyon si Allistair na tuluyang lumapit at pumuwesto sa likuran nito.

“I have been calling since seven, Serenity,” walang seremonyas na sabi niya, na ikinagulat ng babae. Napabitaw ito sa pagkakahawak sa bar counter at nawalan ng balanse. Muntik na itong mag-backflip nang nakaupo kung hindi lang siya nakapuwesto sa likuran nito.

“Easy.” Maagap na nahawakan niya ito sa magkabilang braso kasabay ng paglapat ng likod nito sa dibdib niya. Iniiwas niya ang mukha dahil natutusok ng maikling buhok nito ang ilong niya. She smelled good, though.

And he could feel her go rigid for a few seconds as she slowly realized who he was before she turned her head to look at him. “Easy? Easy-hin mo ’yang mukha mo! Ikaw kaya ang nanggulat.”

“Sorry but I was not informed that you actually are capable of being startled.” Hindi niya inalis ang pagkakahawak sa mga braso nito. Serenity shook a bit. “Oh, wow, you’re actually nervous?”

“Paanong hindi ako kakabahan, eh, muntik na

'kong mahulog?" turan nitong naningkit ang mga mata.

"Not my fault there." He sniffed her hair. "So, will you check your phone, please?"

Napakurap ito. "Will you...?" She swallowed as her big eyes met his and realized how close their faces were at the moment. "Will you back off, please? Okay na ako."

"Are you sure?" Hinigpitan pa niya ang hawak sa mga braso nito. He should be backing away, and letting her go. Pero naaaliw pa siyang pagmasdan ito habang tila inis na inis sa kanya.

"Allistair, kapag hindi ka pa lumayo, hahalikan kita," banta ng babae.

Hindi niya inasahan iyon. He expected she'd threaten to beat the shit out of him or bathe him with that pink shake. He never thought a kiss would be considered a threat, but he backed off, anyway. He didn't know why, when the thought of kissing her actually excited him.

*What the hell is happening to me?* He shook his head and stared at her.

Hinihimas ng dalaga ang mga braso nito, pero

nanatiling nakatingin sa kanya na parang nainsulto na hindi mawari. Parang nagulat din ito na lumayo nga siya dahil sa sinabi nito.

“Well...” She took a deep breath. “Since narito ka na at kinokompronta ako dahil sa mga tawag at text mong hindi ko nasagot dahil naka-silent ang phone ko...” She took a luxurious sip from her drink, her sexy lips wrapped around the straw as she kept her eyes on him before letting go when she had her fill. “Ano po ang maipaglilingkod ko sa inyo, Mahal na Hari?”

Umangat ang isang kilay ni Allistair. Narinig niyang mahinang natatawa si Armi at ang katabi ni Serenity, na parehong curious na minamasdan sila. “We’ll talk now, then.” Iginala niya ang tingin sa paligid at huminto iyon sa bakanteng booth sa sulok. He stepped away as he held her gaze. “Sumunod ka sa akin... alipin.”

---

“Grabe, hindi pa rin ako makapaniwala!” Serenity shook her head for the nth time since they both left *Newport Theatre* where they just had a meeting with the production company’s founder. Ito rin ang direktor ng musical na naabutan nilang nire-rehearse kanina. “Tamara Karingal was really your ex? Now I have seen everything.”

Hindi kumibo si Allistair. Tutok lang ang atensyon niya sa pagda-drive. Mabuti na lang at magaan ang daloy ng traffic at hindi na iyon dumagdag sa namumuo na uling inis niya sa katabi, at sa magkahalong kaba at excitement na dala ng pagkikita nilang muli ni Tamara.

“Don’t take offense, Allistair. Parang hindi ko lang kasi ma-imagine. Ang bait niya, makulit, boyish, at sa unang tingin nga, medyo pinagdudahan ko ang preference niya.” Napailing ang babae. “And you two were exes? You were together for six years? Whoa!”

He bit the insides of his cheek. He didn’t even volunteer that information, Tamara did. Hindi na niya maalala kung paanong napag-usapan iyon, pero ang mas ikinagulat niya ay ang kaalamang magkakilala ito at si Serenity. Hindi masasabing magkaibigan but they were obviously fond of each other, enough for Tamara to mention that they were together before.

And he refused to believe that everything between them was over. Four years had passed since she left their shared apartment in upstate New York, but he hoped they’d get their second chance. He knew he still loved her, and most likely, she did, too. Paanong ipapaliwanag na single pa rin ito at sa balita niya ay hindi nagkaroon ng ibang karelasyon simula nang

mauna itong bumalik sa bansa?

Napatawad na rin ni Allistair ang babae sa nagawa nito sa kanya dati. He pushed that ugly image in the deepest recesses of his memory. Matagal na siyang handang makipagbalikan sa dating nobya. He hadn't even dated since. Save for a few meaningless hook-ups, he hadn't been in any relationship. He only wanted Tamara.

“And you're still in love with her, aren't you?” Minasdan siya ni Serenity, makahulugan ang tingin na may halong panunukso. “Halos hindi mo inalis ang tingin sa kanya kanina, eh. Para kang nakakita ng diwata kahit hindi naman nalalayo ang ganda ko sa kanya... Huy!” Hinila nito ang laylayan ng sleeve ng collared shirt niya.

“I'm driving, Serenity.” Bahagya lang niya itong sinulyapan.

“Hindi ka naman ganyan katahimik kanina. Ano ba'ng iniisip mo? Share mo naman at ayokong makatulog sa biyahe,” pangungulit pa ng babae.

“Matulog ka na lang. Baka thirty minutes pa bago tayo makarating ng SFDM.”

“Ayoko ngang matulog. Paano kung maaksidente tayo? Eh, di hindi ko na-witness ang mga pangyayari.



Hindi ako makakapagbigay ng statement sa pulis, o mamamatay ako nang tulog na hindi na nagising pero wasak ang face.”

That made him look at her as they stopped at a red light. “You’re f\*cking crazy,” he muttered, then shook his head. And for the life of him, he didn’t know why or how he felt himself smiling.

“I’m crazy and I just made you smile.” She poked him on the side.

Napaigtad siya. “Shit! I am driving, Serenity!”

“Drive and talk, mister.” Itinuro ng babae ang daan. “O iisip ako ng ibang paraan para hindi maghari ang katahimikan dito sa auto mo.”

“Can you not just enjoy being quiet?”

“I will enjoy being quiet when I am dead. Now, talk.”

“Or what?”

“Or huhulaan ko na lang kung saan ka may kiliti gamit ito.” Iwinagayway nito ang mga daliri.

Malalim na napabuntung-hininga ang binata.

“Buwelo mo ba iyan?”

*God, this woman!* Fine, may sasabihin talaga siya. May tumatakbo na talagang plano sa isip niya, at kakailanganin niya ang tulong ng maligalig na katabi. Pero hindi niya binalak na kausapin ito habang nasa daan sila.

“One...” Serenity raised her hands, motioning her fingers like claws about to attack.

“Alright, just drop your hands.” Napabuga siya ng hangin. “I’ve been thinking about her. A lot. At hindi lang kanina kundi simula pa nang maghiwalay kami.”

“Mutual decision ba ito?”

Umiling siya. “No. She left me.”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “At ano ang ginawa mo?”

“What makes you think na dahil sa ginawa ko kaya niya ako iniwan?”

Ilang sandaling natahimik ito. “Fine.” Itinaas nito ang isang kamay. “Sorry na. Bakit ka iniwan? Third party?”

Si Allistair naman ang natahimik. Hanggang maaari ay ayaw niyang pag-usapan o isipin man lang ang dahilan. He might have already forgiven the woman he loved but it was too painful to remember,

and it happened twice, as if Tamara deliberately told him then that she wanted out but didn't have the heart to convince him.

She was his first real relationship. His first love. That one big love that consumed him and he was happy to be devoured by it. Magkaiba ang mga personalidad at background nila, pero parang itinakda sila sa isa't isa.

Hindi perpekto ang pagsasama nila, ngunit ang dami nilang pinagdaanan—mula sa naging trabaho sa dalawang magkaibang state and at one point, magkaibang bansa, sa pagbabalik ng first love ni Tamara na eventually ay tinantanan din ang babae, sa ilang beses na pareho silang na-frustrate dahil naging abala masyado sa kani-kanyang trabaho, hanggang sa huling taon nila kung saan dalawang beses niya itong nahuling may kasamang ibang lalaki.

Four years went by since they parted ways, but he was still unwilling to give up. They belonged together. He still loved her, and he would do whatever it takes to have her back.

Pero ayaw niya itong pilitin. Gusto niyang na kay Tamara rin ang choice. Kaya lang, sa loob ng nakalipas na buwan ay palagi nitong idinadahilan ang dami ng ginagawa sa tuwing yayayain niyang

lumabas. She hadn't said no, though. He thought that was a sign.

And then came what he learned today. May paraan para mas mapadali ang mga gusto niyang mangyari. Serenity. Much as her presence was exasperating, he knew he just found a way back into the woman he loved.

“Hey, bakit ka niya iniwan?” untag ng katabi niya.

Allistair blinked. Lumipat muna siya ng lane bago sumulyap sa katabi, pagkatapos ay muling ipinako ang atensyon sa daan. “I'd rather not talk about the details. Masyadong personal.” He took a deep breath. “But I have forgiven her a long time ago.”

“And you still love her.”

Another red light. He looked at his passenger. “Yes.”

“And you want her back.”

Tumango siya. “I do.”

Natahimik muli ang babae na parang pinag-iisipan at ninanamnam ang sinabi niya.

He tapped the steering wheel. “There is something else, Serenity.”

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

“What is it?” she softly asked.

Muli siyang huminga nang malalim bago: “I need your help.”

### 3

“You’re actually forced to work with him now because of a traffic altercation? Oh, my God, that’s the cutest story I’ve ever heard!” Natatawang nailing na si Tamara habang pareho silang nakatayo sa isang sulok, sa tabi ng mesa kung saan nakalagay ang ever-present plastic box at cooler niya.

Unang araw ng practice ng music group na mine-mentor ni Allistair kasama ang cast ng *Geeky Fairy Tale*, ang musical play na produced ng theatre company ni Tamara at magbubukas sa loob ng isang buwan. Nakatak dang mag-perform ang mga bata bilang kahalili ng regular na bandang kasama ng cast sa tatlong charity weekend shows para makalikom ng pondo na gagamitin sa pag-aaral ng mga ito.

“Cute?” Nangunot ang noo ni Serenity bago pinakatitigan si Allistair na tumatayong musical director at conductor nang mga sandaling iyon. He looked amazing in his white button-down shirt with rolled up sleeves and blue jeans that perfectly fit his trim and toned body. *Ooohh, will you look at that ass...* “Well, puwede na.”

“Puwede na? Okay ka lang? Look at that ass,

girl.” Siniko siya ni Tamara. “He’s so fine.”

*He’s so fine pala, eh, bakit iniwan mo?* “Hindi ko type.”

Naningkit ang mga mata ng katabi niya. “Hindi mo type? Ang akala ko...” her voice trailed off.

“Ang akala mo ano?”

She smiled teasingly. “You guys bicker like an old married couple. Akala ko, you two are at least dating.”

“What?” di-makapaniwalang bulalalas niya bago ibinaba ang boses. “Hindi rin niya ako type.”

“But you like him?”

Todo-iling siya. “No.”

Ikiniling ng babae ang ulo at matamang minasdan siya. “You two look hot together, you know.”

“Hot kasi pareho naming madalas painitin ang ulo ng isa’t isa.”

Umiling ito. “No, actually... there’s a spark.”

“Okay ka lang, Tamara? Eh, ikaw ’yung...” Naitikom niya bigla ang bibig. Napabuga siya ng hangin. “You’re more of his type.”

Natawa rin ito. “We’re over. Like, four years ago? Siguro naman naikuwento na rin niya sa iyo ’yan.”

“Hindi naman porque nagtapos kayo, eh, hindi na uli puwedeng umpisahan,” mahinang sabi niya. *Shit!* Hindi siya sanay sa ganito. Bakit ba siya pumayag sa kagustuhan ni Allistair na gawan niya ng paraan na matulungan itong muling magkaroon ng pagkakataong makasama si Tamara?

---

*“Okay ka lang? Sarili ko nga, hindi ko mahanapan ng boyfriend ’tapos tutulungan pa kita?” nanlalaki ang mga matang sabi ni Serenity nang marinig mula kay Allistair ang gusto nitong mangyari. Na tulungan niya itong maka-score ng ilang dates kasama si Tamara. Na gagawan niya ng paraan na makausap nito nang masinsinan ang babae.*

*Hindi naman daw nito inaasahang gawan niya ng paraang magkabalikan ang dalawa. Gusto lang sumubok ni Allistair, tingnan kung puwede pa. Subukang kumbinsihin si Tamara na baka puwede pa uling magsimula ang mga ito.*

*“I just need to get her to go out with me, Ren,” anitong malamlam ang nakikiusap na mga mata. Malayo sa self-assured, may pagkaarogante at masungit*



na Allistair na kinabuwisitan niya since Day One. Para ito ngayong asong nagpapaawa, nag-aabang ng buto ng Chicken Joy.

“What, I’ll trick her into going out with you?” asar na tanong niya.

“I don’t think you need to do that. But you’re a woman, and you know her, somehow. You know me, somehow...” he winced, probably realizing what she knew about him. Almost nothing. He sighed. “Fine, I have been quite an asshole—”

“Finally!” tumatangong sabi niya.

“But I merely reacted most times to what you did.”

Nakagat niya ang labi. Tama naman. Pino-provoke din niya ito minsan kaya nagkakaasaran sila. “Alright, sige na. May mali din ako.”

“Finally!” Napangiti ito.

She glared at him. “You’ll never have it easy, Allistair. Hindi ako matchmaker.”

“How about a trade-off then?” He held her gaze.

What is he doing? “Anong trade-off?”

“I know you like Bentley. He’s a business partner and friend since high school, and pretty much like my

brother...”

“Single ba talaga si Bentley ngayon?” Serenity was beginning to really consider it now. True, Bentley McNamara may have the reputation of a lothario but the man was so fine, and a good guy despite his tendency to jump from one woman’s bed to another.

“Single since his last relationship which ended several months ago. I doubt he even sleeps around now.” Matamang minasdan siya ng binata. “He’s actually trying to reform his ways now, Ren. Mahirap mang paniwalaan pero gusto na daw niyang mag-settle down at magkapamilya. Ayaw na niyang maglaro.”

“Weh?” Parang mahirap paniwalaan ang sinabi nito.

“You may check the security cameras in his building, or in Ardsley Two. The man hasn’t brought home a woman in any of the condotel units or his flat in ages. Ni hindi na nga siya gaanong lumalabas.”

“Allistair, Bentley co-owns the whole f\*cking Ardsley Residences, hello?”

“Just an investor.” Natawa ang kanyang kausap. “At wala siyang access para magmanipula ng security footage para lang ano, magpa-impress? Mahirap paniwalaan pero nagbabago na siya. And you,” he

pointed at her, “might be the one he’s looking for. I saw how you make him laugh. Plus points na ’yun.”

*Minasdan niya ang lalaki. Who knew the quiet, brooding Allistair Coronel had a knack for sales talk?*

*But yes! Parang ang sarap ngang maging The One at posibleng Mrs. McNamara.*

*Pero paano naman ang gagawin niya sa gustong mangyari ng lalaking ito? Masyado siyang tactless para maging matchmaker. “Hindi ko alam kung kaya ko ang ipinagagawa mo, Allistair.”*

*He blinked, gazed at her for several seconds, before he nodded. “Don’t worry, I’ll help you figure it out.”*



Kaya heto siya ngayon, fishing for information and reactions. Tsini-chika niya si Tamara para malaman din niya kung paano didiskarte.

“Are you trying to tell me that I should get back with him?”

Napakurap siya. “Well, you two are the ones who look good together. At pareho pa kayong single.” *Nice, Serenity. So not subtle.* Gusto niyang batukan ang sarili. Hindi na fishing ang ginagawa niya, parang sumisid na siya ng karagatan na may dalang lambat.

“And that’s enough reason para maging kami ulit?” amused na tanong nito.

She shrugged. “Nope, not really. Nagtataka lang ako kung bakit single pa kayo pareho.”

Makahulugang ngumiti lang ang babae. “You trying to get us back together?”

Umiling siya. “Hindi, ah.”

“Playing matchmaker, then?”

“Excuse me, sarili ko nga hindi ko mahanapan ng boyfriend ’tapos iintindihin ko pa kayo?” She pursed her lips. “Curious lang. Sa dami ng mga taong single na hirap makahanap ng makakasama at mamahalin, may kagaya n’yo namang mas pinipiling maghiwalay.”

Nawala ang ngiti ni Tamara bagaman nanatiling maaliwalas ang magandang mukha nito. “Some things are just not meant to be, Ren. Hindi batayan ’yung okay kayo o kung gaano kayo nagtagal para manatili sa isang relasyon. Minsan, hindi na lang talaga puwede.”

“Ganoon ba ang nangyari sa inyo ni Allistair? Hindi na puwede?”

Tumango ito. “Irretrievable. Irreparable.”

*Whoa, tindi!* “Mukha namang okay kayo pag nag-uusap.”

“Hindi kami naghiwalay na magkaaway. Allistair is a good man. I was very lucky to have known him. But it just won’t happen anymore again.”

“Ang lungkot naman n’un.” Tumingin muli siya sa gawi ng mga batang nagpa-practice. Mukhang naka-break ang mga ito at kausap ni Allistair ang grupo. He leaned by the piano, smiling as he listened to his students. Nang marahil ay naramdaman nitong may nagmamasid ay napatingin ito sa gawi nila. Gusto niyang iiwas ang tingin, pero nagulat siya sa ginawa nito.

He smiled. Allistair actually smiled at her? Siya talaga? O iyong katabi niya? But his eyes were really on her, and his gaze hadn’t wavered even if she arched a brow in question.

*Dear God, that smile.* Hindi maalala ni Serenity kung kailan siya huling nangitian nang ganoon, na parang dumerecho sa puso niya at hinila-hila ang major arteries niyon para bumilis at lumakas ang tibok. It warmed her heart and unnerved her at the same time. Ano ang tumatakbo sa isip ng lalaking ito ngayon? Bakit nakangiti ito habang nakatingin sa kanya?

Bakit hindi niya maalis ang tingin dito?

Tumingin siya kay Tamara na busy na sa kung ano sa cellphone nito. Bumalik ang mga mata niya kay Allistair na nakamasid pa rin sa kanya bago ito kumaway at muling ibinaling ang atensyon sa mga bata.

But the memory of his smile lingered, and she's not sure if she could just forget it.

---

“Bentley, masarap itong mozzarella sticks n’yo pero mas masarap ka, este, mas masarap ka sigurong magluto.”

Natawa lang si Bentley. “Are you trying to invite yourself to my kitchen, Serenity?” Inilapag nito sa harap niya ang isang solo serving naman ng garlic and herbs croquettes, at ipinagsalin siya ng cucumber lemon water sa baso.

It was a relatively subdued Wednesday evening at *The Lounge*. Nakapuwesto siya sa dulo ng bar at feeling reyna habang pinagsisilbihan ni Bentley ng mga bagong appetizers at finger food sa menu bilang taste tester at taga-review nito para sa gabing iyon. Kaninang nag-inventory sila ng mga tauhan sa open air cafeteria ng *Ackerton University* kung saan may

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

puwesto ang *Hot Doggies* at *Cool Dude 100% Pure Fruit Shakes* niya ay nakatanggap siya ng text galing kay Allistair:

*The Lounge at 8 PM. Don't eat anything too heavy. Bentley will see you at the bar. ;)*

Tumalon yata ang puso ni Serenity nang mabasa iyon, at hindi niya alam kung dahil sa sinabi nito na magkikita sila ni Bentley o sa winky face emoticon sa dulo ng message.

Allistair never used emoticons or emojis. Ever.

Iyong naramdaman niya kanina, parang mild version ng epekto ng ngiti nito three days ago, noong nasa rehearsal sila para sa *Geeky Fairy Tales*.

Kahit hindi na nagkaroon ng repeat ang ngiti nito ay mas magaan namang kasama pauwi si Allistair, at hindi niya alam kung dahil iyon sa labindalawang batang pasahero ng van na hiniram nito para dalhin at ihatid sila mula sa *Newport Theatre*.

He had this wistful look on his face, and he didn't even seem to mind the traffic they encountered. Dati, kung mahampas nito ang manibela at magsungit sa kanya ay parang kasalanan niya kung bakit traffic sa Araneta Avenue o sa C3.

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

Must be Tamara. Habang iniligpit at nililinis niya ang mga dalang container ay kausap ni Allistair ang babae. She couldn't hear what they were saying, but the light in their eyes told her it must be something good.

Sana nga may kinalaman doon ang kung anumang nasabi niya sa babae, kaya mas bumait sa kanya si Allistair.

Being here tonight must be a sign that she did something right. Hindi niya ito inaasahan, pero na-appreciate niya. Ang sarap tingnan ni Bentley, at ang sarap din ng mga pagkaing isinisilbi nito. Napaka-sport at tolerant din nito kahit walang pakundangan niyang ino-objectify to the point of harassment. The man must be so used to women literally talking dirty to him, even outside the bedroom.

“Do you have a favorite so far? Feedback? 'Yung totoo, Serenity,” untag nito.

She blinked. Hawak pa rin niya ang ikatlong piraso ng croquette. Isinubo agad niya iyon at napapikit. She tasted melted cheese with a hint of garlic and herbs. Crunchy on the outside and soft on the inside. “Sinfully yummy,” she blurted out, then eyed him seductively. “Parang ikaw.”



Natawa lang si Bentley. “Finish that. May tatlo ka pang titikman.”

“Kasama ka ba d’un sa tatlong matitikman ko?”

Painom noon ang lalaki at nasamid ito sa sinabi niya. Nahaplos nito ang lalamunan bago pinawalan ang malutong na halakhak. “Shit, Serenity! You totally outdid yourself this time.”

Lumabi siya. “Hindi mo naman ako sineseryoso.”

He just smiled mysteriously. “I’d love to do that, Serenity. Take you seriously, I mean.” Inilagay naman nito sa harap niya ang plato ng vegetarian tempura.

“Iyon naman pala. Bakit hindi mo gawin?”

He smiled tenderly. May kakaibang epekto rin ang ganoong ngiti sa kanya, pero bakit parang... mas may dating ang smile ni Allistair?

*Holy shit, what?*

“Are you okay?” Nangunot ang noo nito.

“Oo naman. At hindi ako nakainom, ha. Makapal lang talaga ang face ko.”

He grinned. “You had this strange look on your face a while back, like you suddenly thought of something.”

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

*Gosh, mind reader ba ang lalaking ito o transparent lang ako?* She was about to answer when he raised a hand. Kinuha nito ang cellphone.

“Wait, I’ll just answer this one,” paalam nito bago nagpunta sa isang tabi.

Sandaling sinundan niya ito ng tingin bago inubos ang croquettes at isinunod agad ang veggie tempura, na masarap din. Hindi niya tuloy alam kung alin ang pinakagusto. She’d have to come up with an answer to keep Bentley talking to her. Mabuti na lang at walang ibang babaeng nagpapa-cute dito ngayon.

She was about to reach for her glass of water to take another sip when she felt hands wrap around her forearms and a soft kiss on her cheek, followed by the lingering hot breath of whoever it was as his lips left her skin but stayed close as he slowly moved away.

*What the...? Oh, God!* She knew that scent.

“Don’t slap me yet. He saw us,” mahinang sabi ni Allistair na bahagyang pinisil ang mga braso niya bago bumitaw at naupo sa katabing stool.

“Pakipaliwanag ang ginawa mo, pards.” Hindi niya alam kung paano siyang nakakapagsalita ngayon.

“I have been watching and wondering why he is taking ages to ask you to sit with him on a booth,” sagot nito bago kumuha ng isang piraso ng nasa plato niya.

“And?” she prompted.

“I know for a fact that he is the jealous type. Ayaw niya ng may basta lumalapit sa mga babaeng gusto niya.” He drummed his fingers on the counter. “I think he likes you.”

Nakatingin lang siya rito, hirap pang i-process ang pinagsasabi ng lalaking hindi niya alam kung bakit nagpapawindang sa kanya lately gayong si Bentley ang type niya. “You think he’s jealous now?”

“Well, he is finishing his call now.” Allistair smiled knowingly. “At tingnan mo, dali.” Kinalabit nito ang kamay niyang nakahawak sa counter. “Parang gustong ibato sa akin ’yung cellphone niya,” he grinned.

Tumingin siya sa gawi ni Bentley, na salubong ang mga kilay at nangungunot ang noo pero somehow, hindi rin mukhang galit. He looked more like he was in deep thought, or was just slightly annoyed by something.

Serenity should be nervous, or thinking of another line to get him to smile again. Pero ewan

*A Craving for Allistair - Sachi Bliss*

---

kung bakit napatingin siya kay Allistair, na nakangiti muli sa kanya gaya ng ngiti nito noong Linggo.

And for some reason, that stupid smile was making her forget... about Bentley... about the rest of the world.